

1

Cristina leaned closer to the mirror of the dresser inside her room to see herself better. Ang kanyang buhok ay laging nakapusod. Nasanay na siyang ganoon ang kanyang ayos. Kadalasan, pag umaalis siya ng bahay ay hindi na niya makuhang magmakeup man lang. Tanging banayad na pahid ng lipstick ang pinag-aabalahan niyang gawin.

She looked older. Para na siyang manang, mukhang ale. She was thirty-one already and ten months from now, on December, her age would no longer be in the calendar. Ang nakakadismaya, mas matanda siyang tingnan kaysa kanyang edad.

No, I don't want to be an old maid...

Napapakunot-noo siya habang nakatingin sa salamin. Napabuntong-hininga siya.

Hindi niya pinangarap ang tumandang dalaga. Pero sa nakikita niya ngayon, doon siya papunta. Nadadagdagan na ang gatla niya sa mukha. Lalo siyang napailing. Paikot-ikot siya sa harapan ng salamin. She noticed she was gaining weight, too.

May magkakagusto pa kaya sa akin? God, I don't

want to grow old single. I want to experience how to be in love, tahimik na usal niya.

Naupo siya sa stool ng tokador. Nanghihina siya sa mga naiisip. At the age of thirty-one, kung tutuusin ay malayo na ang kanyang narating. She took up Education in college and graduated when she was twenty. That same year, she was hired in a private school.

Her parents were devout Christians. Ang kanyang nasirang ama ay dating deacon sa kanilang church. Her mother was the church musician.

At the age of twenty-five, Cristina was appointed assistant director of *Wesleyan Preparatory School*. Na-stroke ang dating nakaupo sa puwestong iyon.

Wesleyan was a playgroup and kindergarten school. She was deemed qualified after taking up her masters and other pertinent units. The fact that she graduated cum laude sa isang kilalang university sa Manila ay isinaalang-alang din.

Pero sa kabila ng kanyang mga accomplishments, parang may kulang. Hindi siya masaya. She loved teaching kids, yes. This was her profession. At naniniwala siya na ito ay isang uri ng paglilingkod sa Diyos. Sa church, siya ay Christian Education

Directress. Nagtuturo rin siya ng mga bata sa Sunday School.

Halos inilaan na niya ang buhay sa church at sa pagiging teacher. Hindi niya namalayan na napaglipasan na pala siya ng panahon. Sa sobrang busy, hindi na niya napagtuunan ng pansin ang lovelife. Paano siya magkaka-lovelife, gayong lagi siyang subsob sa trabaho? Hindi siya makagala, kahit party or social gathering ay hindi siya makasama.

Sa church, may mga nanliligaw rin, kaya lang wala siyang matipuhan. Isa pa, wala talaga siyang time. At ngayon, heto siya, malungkot.

She had been praying for the right guy, pero wala pang dumarating. Ang mga kasabayan niyang mga kabataan noon sa church ay nagsipag-asawa na. Siya na lang yata ang naiwan. Ni minsan ay hindi pa siya nagkaroon ng boyfriend, kahit noong nasa college siya. Gusto kasi ng mga magulang niya, kung magkaka-boyfriend siya, dapat ay Methodist din na kagaya nila.

Napabuntong-hininga siya. Naunahan pa siya ng kanyang bunsong kapatid na si Brian na ngayon ay nasa America na kasama ang asawa nito. He got married three years ago at ngayon ay may isang-taong gulang na anak na. Ang mommy niya ay nasa ibang

bansa na rin, kapisan ng kapatid nitong babae. Kaya siya na lang ang natira sa bahay nila sa Pasig.

Muli siyang napatingin sa salamin. Marahan niyang tinanggal ang tali ng kanyang buhok. Cristina was aware that she could look sophisticatedly lovely kung mag-aayos lang siya. Back in college, napakaraming nagpahayag ng attraction sa kanya. Lamang ay nanindigan siyang hindi magbo-boyfriend kung hindi rin lang boto rito ang mga magulang.

She didn't regret that decision. But right now, she really was feeling lonely.

She got ready for bed. Walang mangyayari kung mag-iisip lang siya nang mag-iisip. Katatapos lang niyang gawin ang lesson plans at ilang paper works na iniuwi. Mabuti pa ay magpahinga na siya dahil maaga pa ang pasok niya bukas.

“Good morning, Manang Ising,” bati ni Cristina sa kasama sa bahay.

Ito ang routine niya. Babangon nang maaga, maghahanda sa pagpasok at ngayon ay mag-almusal. Si Manang Ising ay tumandang dalaga na sa paninilbihan sa kanila. Malayong kamag-anak ito ng yumao niyang ama.

“Magandang umaga din, Cristina,” tugon nito. “Kumain ka na,” anito habang isinasalin ang pinakuluang tubig sa thermos. “Coffee?”

“Yes, please.”

“Tumawag pala si Mommy mo kaninang madaling- araw. Gigisingin sana kita kaya lang sabi ni Mommy mo ’wag na kitang abalihin,” paliwanag nito habang tinitimpla ang kanyang kape. “Tinatanong niya kung dumating na ’yung balikbayan box na pinadala niya. Sabi ko hindi pa.”

“Meron kasi siyang pinadala d’un na mga gamit para sa mga bata sa church na kailangan na next month.”

“Nabanggit nga niya.” Ibinigay nito ang coffee niya.

“Thanks po. Di bale po, tatawag na lang ako sa kanya mamayang tanghali. Siguro gising pa n’on si Mommy.” Twelve hours ang difference ng Pilipinas at New Jersey kung saan naroon ang ina. “Sana next week dumating na ’yon.”

She missed her mom. Minsan iniisip niya na umalis na rin ng bansa para makapiling ang mommy niya. Malay niya rin, baka naroon ang kanyang kapalaran sa pag-ibig. Pero isang bahagi ng puso niya

ang tumututol.

She had been taught to wait for the perfect time. *God will provide what's best for her.*

Kaya lang, medyo naiinip na siya. She was not getting any younger. She wanted to get married. Kung maaari sana, this year na. Gusto niya ring magkaroon na ng baby. She was feeling more frustrated thinking about it.

She hurriedly finished her breakfast at gaya ng dati ay magalang na nagpaalam kay Manang Ising.

“Pansin ko lang, mukhang mas madalas kang natutulala ngayon,” ani Irene, head teacher ng school.

Katatapos lang ng meeting nila kasama ang faculty at ilang staff para sa nalalapit na graduation sa Marso. Next month na iyon. Halos kasing-edad lang niya si Irene. She was also Cristina's closest friend in school. Silang dalawa na lang ang naiwan sa conference room.

“Ows?” Pilit niyang pinasigla ang boses habang nagliligpit ng mga gamit na nakapatong sa conference table. “Ba't mo nasabi 'yan?”

“Your expression, I sense something different in

you. Parang lagi kang malungkot at matamlay. Are you not feeling well?” may pag-aalalang tanong nito.

“I don’t know,” napabuntong-hiningang tugon niya. “Pakiramdam ko, there’s something amiss.”

“Pero wala kang nararamdamang iba? Nahihilo or anything? Baka may sakit ka.”

“I feel fine,” agap niya. “Wala akong sakit.”

“Okay. What do you mean that something’s amiss?” Tila nag-aapuhap ito ng tamang salita. “Hindi ka na ba masaya sa ginagawa mo, sa pagtuturo?”

“Hindi ko alam,” matapat niyang tugon. “Pagod lang siguro ako.” She could not say the exact reason, baka hindi siya maintindihan ni Irene.

“I think you need a break. Why not go on vacation this summer? O kaya attend ka ng retreat or something.”

Her only answer was a blank stare.

“Cris, you deserve a break.” Marahang hinaplos nito ang likod niya. “I think the one thing you’re afraid of ay ang tumandang mag-isa,” Irene guessed correctly.

Tumingin siya rito pero di nagkomento.

“Admit it or not, madalas kong napapansin that there’s a deep longing in your eyes.”

Cristina could no longer deny it. She slowly nodded her head. She knew Irene, malakas ang pakiramdam nito.

“You’re very pretty, Cris. Why don’t you try doing new things? Kahit simple lang ang ayos mo, there are still a lot of men out there who are attracted to you.” Irene took her hands to give comfort and encouragement. “I believe with all my heart that God has a special someone reserved for you. So never stop seeking God’s perfect will for you, Cris. Hindi ka Niya bibiguin.”

“Ewan ko ba, Irene. Hindi ko na rin alam,” aniya. She sighed. “You’re right, I think I need to try some new things.” Cristina forced herself to smile.

“I suggest you take a break after this school year. Go somewhere fun. Who knows, nandiyan na ang lalaking inilaan ng Lord para sa ’yo, di ba?”

“Saan kaya maganda pumunta?”

“Boracay o kaya Baguio. Subukan mo rin ang Mindanao. What do you think?” nakangiti nitong suggestion.

“Heh!” natatawa niyang sabi. “Mamaya mabaril pa ako d’un.” Sabay silang natawa. “Thanks, Irene.” She felt a big load was taken off her shoulders.

“Hello, Ate Cris.” It was her cousin Gina on the other line. Hindi maikakaila ang excitement sa boses nito.

Hindi niya inaasahan ang pagtawag nito. Nasa opisina pa siya at busy sa ilang dokumento. Limang taon ang tanda niya kay Gina. Naging close sila nang tumira ito sa kanila habang nag-aaral ng college sa Manila. Taga-Olongapo talaga ang pamilya nito. Kapatid ng mommy niya ang ama nito na nakapag-asawa ng taga-roon.

“Hey, Gina, kumusta na?” Hindi niya maiwasan ang mapangiti. Naaalala niya ang sobrang kakulitan nito. She had always enjoyed her cousin’s company. “Mukhang very excited ka, ah.”

“Super,” tumatawa nitong tugon. “Guess what?”

“What?”

“I’m getting married!” masayang bulalas nito.

“Really?” Pati siya ay na-excite na rin. At bahagyang nainggit. But she was happy for Gina. Iyon

nga lang, hindi niya maiwasang hilingin na sana ay may option siyang kagaya nito. “And who’s the lucky guy?”

“Remember Martin?”

“Martin? Parang wala yata akong maalalang Martin, ah. Ang natatandaan ko lang ay Ben, Richard, Kiko, Dan, at sino nga ba ’yung pumunta sa bahay na nakainom?” natatawang pagbabalik-tanaw niya.

Sumakit ang ulo ng mommy niya sa dalaga dahil sa pagpapalit-palit nito ng boyfriend. Conservative kasi ang mommy niya.

Isang malakas na tawa ang naging tugon nito.

“Si Ate Cris talaga. Fling lang ang mga ’yon. Naalala ko tuloy si Tita Lou,” tukoy nito sa mommy niya. “Hay, grabe, naubos ’ata ang pasensya niya sa akin.”

“Sinabi mo pa. Pati ako nadamay sa ’yo,” nailing niyang sabi. Napahagikgik ang nasa kabilang linya. “But in fairness, ha, you did well in your studies.”

“Takot ko lang kay Tita Lou. Kung nagkataon, napauwi ako ng Gapo nang wala sa oras.”

“Sino si Martin?”

“Do you remember the last time na bumisita ka dito sa amin kasama si Brian?”

“Yeah, I think that was three years ago. Before my brother’s wedding, right?”

“Exactly. Martin’s the guy hanging around with my brother then.”

“Teka, let me refresh my mind,” aniya, pilit inaalala kung sino ang tinutukoy nito. “Ah, yeah, I remember him now. Siya ’yung laging nanunukso sa ’yo, tama ba?”

“Tama ka diyan. He’s cute, isn’t he? Naiinis lang ako sa kanya n’on kasi lagi niya akong inaasar, hanggang sa naging kami na.”

“Wow,” tuwa niyang tugon. “Kailan ang kasal?”

“June, hopefully.”

“Really? Ang daya mo, ha? Ngayon mo lang sinabi sa akin,” may himig pagtatampo niyang saad. Nasanay na kasi siyang maging confidant nito.

Iyon nga lang, nang bumalik ito sa Olongapo, hindi na sila ganoon kadalas nagkakausap. Nagtatrabaho ito bilang hotel manager doon at pareho silang busy parati.

“Sabi ko kasi, isu-surprise na lang kita.”

“You did just that,” she said gaily.

“Ate Cris, may hihingin lang akong favor sa ’yo, please?” parang bata na samo nito.

“Sure, what is it?” naiintriga niyang tanong.

“Baka naman p’wede mo akong samahan sa pag-asikaso ng wedding. Nate-tense ako, hindi ko alam kung s’an mag-uumpisa.”

“No problem.” Time na rin siguro para makapag-break siya. A new place and new faces around her would do her good.

“Talaga? Yes!” Tuwang-tuwa ito. “Thank you, Ate Cris.”

“Tamang-tama, pasara na ang school year at malapit na ang bakasyon. Mga two weeks from now, magbabakasyon ako nang maaga. Alam mo naman ang school, bakasyon na pero ang dami pa ring work.”

“Ayos lang iyon, kaya ko pa maghintay,” masaya nitong saad. “Ate Cris, ang daming guys dito! Marami akong ipapakilala sa iyo.”

“Ikaw talaga, Gina, hanggang ngayon puro guys pa rin nasa isip mo.”

Desperate For Love - Cher Reyes

“Not for me, for you!” tukso nito. “Basta, see you soon.”

“Okay, salamat sa tawag.”

“Thank you so much talaga, Ate Cris. You’ll enjoy it here, promise.”

Kanina pa niyang naibaba ang phone pero tila lutang pa rin ang isip niya. She was excited and apprehensive at the same time. Hindi kaya maburo lang siya lalo roon?

Bahala na. Makikipagsapalaran siya. Pagkatapos na pagkatapos sa mga gampanin ay magpapaalam siya sa school director na maaga siyang magbabakasyon.

2

“Okay na ba ang mga reports natin?” tanong ni Cristina kay Irene.

“Yup,” masigla nitong tugon. Lumapit ito sa table niya. “Teka, parang may kakaiba sa ’yo ngayon,” nakangiti nitong puna.

Di niya napigilang mapangiti rin. “Magbabakasyon ako.”

“Really?” tuwang bulalas nito. “That’s great. Sa wakas, makakapag-rest ka din. You’ve been here without break for more than ten years na, right?”

Tama ito dahil kahit summer break ay marami pa rin siyang inaasikaso sa school. Makapagbakasyon man siya ay laging saglit lang, parang hindi counted. Tumango siya bilang pagsang-ayon.

Ipinatong nito ang mga folders sa table niya.

“These are from our faculty.”

“Thanks.”

“Excited naman ako para sa ’yo,” anito na umupo sa isang dulo ng mesa niya. “Saan ka magsa-summer?”

As in bakasyon talaga buong summer break?” di-makapaniwalang tanong ni Irene.

“Yeah. Decided na ako. Sa Olongapo. Tumawag sa akin ’yung pinsan ko, she’s getting married this June and she wants me to be there to assist her sa wedding preparations niya. Naisip ko, at least magbabakasyon ako d’un na hindi lang nakatunganga.”

“Sabagay. Di ba maraming beach d’un? Saka malapit iyon sa Subic, right?”

“Malapit nga lang, and yes, maraming beach d’un.”

“Dapat mag-enjoy ka. At sana pagbalik mo, eh, nakita mo na si God’s will.”

She smiled. “Sana nga. Pero paano kung hindi?” kontra niya agad.

“Sus, ano ka ba? Negative ka na agad.” Umayos ito ng tayo. “Pero alam mo, malakas ang kutob ko na your life will change there.”

“Maniwala ako sa ’yo.”

“Yes, I feel it. Expect great things. I strongly sense it.”

“Well, let’s just hope for the best.”

After graduation, nag-decide siya na pumunta na kaagad ng Olongapo. Tuesday morning ay nag-taxi na lang siya papuntang Cubao para sumakay ng bus bagaman may kotse siya. Mas mabuti iyon para hindi siya mapagod sa pagmamaneho. It would take her more or less three and a half hours by bus.

Ilang beses na rin siyang nakapunta roon, hindi nga lang siya nakapagtatagal. Kadalasan, kapag may okasyon lang. Traveling bag at hand carry para sa mga personal things niya ang tanging dala ni Cristina. Hindi siya masyadong nagdala ng maraming damit. Bibili na lang siya roon kung kailangan.

Kanina pa nangungulit si Gina. Baka raw nagbago ang isip niya kaya text ito nang text kung nakasakay na siya ng bus. Susunduin umano siya nito pagdating niya ng Olongapo sa terminal ng *Victory Liner*.

Eksaktong alas nueve ng umaga umalis ang bus. Balak niya na pansamantalang iwan ang kanyang boring na mundo at maging adventurous kahit minsan. Sana ay magkaroon ng kabuluhan ang bakasyon niya.

Kahit papaano ay nakaidlip siya sa bus. Naalimpungatan siya nang tumunog ang cellphone.

Si Gina.

“Ate Cris, nasaan ka na?”

Tumingin-tingin siya sa paligid. “I’m not sure. Nasa Pampanga na siguro.”

“Okay. You’ll probably be here in an hour. Kasama ko si Martin ngayon, sunduin ka namin.”

“Thanks, Pinsan.”

“See you!”

Pagdating sa terminal ay tinawagan niya si Gina para sabihin ang kanyang bus number sa gayon ay madali silang magkatagpo. Nakaabang na ito sa paanan ng hagdanan ng bus. Nasa likod nito ang isang lalaki na si Martin marahil.

“Ate Cris,” nakangiting bati nito, hinalikan siya sa pisngi.

Mahigpit niyang niyakap ang dalaga. “Musta ka na?” aniya nang kumalas dito.

“Masaya,” tumatawa nitong sabi. “Sa wakas nandito ka na. I can’t wait for us to talk. By the way, Ate Cris, this is Martin, my fiancé. Martin, pinsan ko, si Ate Cristina,” pagpapakilala nito sa boyfriend.

“Hi, Martin. How are you?” Iniabot niya ang

kamay kay Martin and they shook hands.

“Mabuti naman po,” tugon ni Martin.

“Masyado mo akong pinapatanda, ’wag mo akong po-po-in,” natatawa niyang sabi.

Tila nahihiyang napatawa rin ang binata. “Nag-meet na tayo noon,” anito.

“Natatandaan ko na ngayon, ang tagal na kasi, eh, halos nakalimutan ko na ang face mo. Pero ngayon malinaw na,” aniya, may himig pagbibiro.

Tumawa lamang ang lalaki.

“Ate, ang mga bagahe mo?” ani Gina.

“Ah, yeah.” Itinuro niya ang compartment sa gilid ng bus. Kasalukuyang idinidiskarga ng konduktor ang mga bagahe ng mga pasahero.

“I’ll get it,” ani Martin.

Hinila siya ni Gina para mauna sa parking lot kung saan naroon ang sasakyan nila.

“Ate Cris, parang tumaba ka,” puna ng pinsan.

“Oo nga, eh.”

“Di bale, sama kita sa gym.”

“Sa lagay na ’yan, eh, pumupunta ka pa ng gym? Super slim ka na.”

“Ay naku, Ate Cris, kung alam mo lang, tumaba din ako. As in, chubby,” natatawa nitong sabi. “Kaya nga ako nag-gym, eh. See?” anito na namaywang pa para i-emphasize ang maliit nitong waist. “Sexy na ulit ako.” Naka-jeans ito na tinernuhan ng hapit na green blouse. Lalo tuloy tumingkad ang ganda nito.

“I can see that,” nakangiti niyang sang-ayon.

Mayamaya lang ay naroon na si Martin. Ipinagbukas sila ng binata ng sasakyan. Inilagay nito ang bag niya sa trunk ng kotse. Sa backseat siya pumuwesto, while Gina took the front to be with her boyfriend na siyang magmamaneho.

“It’s almost one o’clock. Kumain ka na ba, Ate Cris?” ani Gina pagkatingin sa wristwatch.

“Hindi pa, wala kasi akong ganang kumain kanina n’ung nag-stopover ang bus.”

“Di bale, nagpaluto ako kay Mama. Sabay-sabay na tayong kakain mamaya pagdating sa bahay.”

Wala pang fifteen minutes ay nakarating na sila sa *Gordon Heights* kung saan nakatira si Gina. Sa harapan pa lang ng bahay ay malugod na siyang

sinalubong ng Tito Boy at Tita Minnie niya, mga magulang ni Gina.

Uphill ang lugar pero accessible para sa sasakyan. Tabing-kalsada mismo ang bahay ngunit dahil maraming puno sa paligid ay hindi masyadong mainit doon kahit summer.

Yumakap siya sa dalawang matanda.

“Kumusta ka na, Hija?” anang Tita Minnie niya.

“Okay naman po, Tita.”

“Tuloy ka muna. Martin, pakidala na lang ng gamit ni Cristina sa magiging kuwarto niya,” anito sa binata.

“Sige po, Tita,” sagot nito.

“Nakahanda na ang mesa, mananghalian muna kayo. Siguradong gutom na kayo, lalo na si Cristina. Galing pa siya sa biyahe,” sabi ni Tito Boy.

“Ay, oo nga,” segunda ni Tita Minnie.

“Kayo, Ma, kumain na ba kayo ni Papa?” ani Gina.

“Kumain na kami, Anak.”

“Kare-kare ang ipinaluto ko kay Mama. I’m sure

you'll like it. Favorite mo iyon, di ba?" nakangiting pagmamalaki ni Gina.

"Baka lalo akong tumaba niyan," natatawang sabi niya.

"Don't worry, we'll go to the gym. Bukas na bukas din."

Pagkatapos magtanghalian at magkuwentuhan saglit ay inihatid na si Cristina ng Tita Minnie niya sa kanyang magiging silid. Ipinagamit nito ang dating kuwarto ni Bren, kuya ni Gina na nasa ibang bansa na. Naiwan sina Gina at Martin sa sala dahil paalis na rin ang binata. Nagpaalam na ito bago siya umakyat.

"Kung may kailangan ka, Hija, sabihin mo lang sa akin," bilin ng auntie niya.

"Thank you po, Tita Minnie."

"Maiwan muna kita dito para makapagpahinga ka. Alam ko, napagod ka sa biyahe." Nakangiti itong lumabas ng silid.

Inilabas ni Cristina ang mga damit galing sa maleta at ipinatong ang mga iyon sa kama. She checked the closet, it was empty. Doon niya inayos ang mga gamit na dala at inilagay sa isang tabi ang traveling bag.

“Ate Cris,” tawag ni Gina mula sa nakasarang pinto.

“Come in.”

Pumasok ito. Nakita niyang may bitbit ito na mga nakatuping damit.

“Pantulog at pambahay,” she explained. “Gusto ko na magtagal ka dito kaya ni-ready ko na ito.” Ipinatong nito sa ibabaw ng kama ang mga damit.

Ngumiti siya. “Thanks. Si Martin, umalis na ba?”

Tumango ito. “May appointment siya ng six, eh. Iwan muna kita, Ate. Mamaya na lang ulit tayo mag-chikahan.”

“Salamat, Gina.”

Ngumiti lang ito at lumabas na.

Pagkaligpit ng mga gamit ay saka siya nakaramdam ng pagod at antok. Hinubad lang niya ang kanyang sandals at inilapat na ang likod sa malambot na kama.

Cristina’s heart was filled with uncertainties. What could be in store for her here?

3

Napakunot-noo si Mike nang makita ang pamilyar na silver gray na kotse sa harapan ng kanyang apartment. He was not in the mood to entertain guests right now, lalo na kung kasama roon si Trisha—isang dating ka-relasyon. Anak ito ng isang mayamang negosyante sa *Subic Bay Freeport*, ang lugar na dating inookupa ng mga Kano. Ngayon ay na-develop na iyon para maging commercial, industrial, at tourism center.

Trisha was becoming a pain. He made it very clear to her right from the start na hindi siya ang tipong magseseryoso pagdating sa babae. They had their moments pero hanggang doon na lang iyon.

He had been in and out of relationships, pero wala siyang sineryoso kahit isa. He was thirty-five already, pero takot sa commitment. Or maybe he was not ready for marriage yet. Nag-eeenjoy pa siya sa buhay.

Ipinarada niya ang kanyang sasakyan kasunod ng kotse ni Trisha at pumasok na ng bahay bitbit ang kanyang attaché case. Sinalubong kaagad siya ni Manang Betty na mukhang kanina pa naghihintay sa kanya. Tila taranta rin ito dahil siguro sa hindi

inaasahang bisita. Kailanman ay hindi pa siya nagdala ng babae sa kanyang apartment. Ang naiimbitahan lamang niya doon ay mga malalapit na kaibigan. As much as possible, he wanted his place to stay private.

“Sir, ano, eh, fiancée n’yo daw si Ma’am Trisha?” Nasa himig ng matanda ang pag-aalinlangan at pangamba.

Mahigpit niya kasing bilin na huwag magpapasok ng basta-basta sa loob ng bahay niya maliban na lang kung may sinabi siya.

Si Manang Betty ay kanyang katiwala at katulong sa bahay pero arawan ang pasok nito maliban na lang kapag Sunday. Hindi ito stay-in. Pumapasok ito sa umaga at umuuwi din pagdating ng alas cinco ng hapon. Naglilinis lamang ito madalas. Kadalasan ay sa labas na siya kumakain kasama ang mga kaibigan.

Maaga siyang umuwi ngayon dahil hindi maganda ang kanyang pakiramdam. Lalong napakunot ang noo niya nang marinig ang salitang *fiancée*.

“It’s okay, Manang Betty,” sagot niya upang di na ito mabahala. Alam niya na wala itong magagawa sa tipo ng personality na mayroon si Trisha.

“Mike, Darling, did I manage to surprise you?” Trisha asked sarcastically.

“Sige po, Manang Betty, ako na’ng bahala dito,”
aniya sa katiwala. He didn’t even bother to look at
Trisha.

“Maghahanda po ba ako ng merienda, Sir?”
anito.

“Hindi na po kailangan.”

“Sige po, Sir, salamat po. Tutuloy na po ako,”
paalam nito.

Tumango lang siya rito. Paglabas nito sa backdoor
ay saka niya hinarap si Trisha. Nakatayo ang babae
sa sala at nakapamaywang.

“I’ve been trying to reach you but you’re not
answering. Either you turned off your phone or you
allowed it to ring incessantly,” matigas na reklamo
nito.

“I’m busy, Trisha. I’ve been doing a lot of things
lately.”

Ipinatong niya ang dalang briefcase sa sofa
at dumerecho sa kusina para uminom ng tubig.
Katamtaman ang laki ng bahay. It was divided into
a living room, a small kitchen, a dining room and a
spacious bedroom with a large enough bathroom.

“Busy? O tinataguan mo ako?”

“Please, Trisha, don’t make me repeat myself,” pagod na saad niya. Lumagok siya ng tubig at pagkaraa’y ipinatong ang baso sa mesa.

Lumapit ito sa kinaroonan niya, nagpupuyos sa galit.

“You can’t treat me like this, Mike.”

“Trisha, you know the score. I made it clear to you that I’m not one for commitments,” matabang niyang sabi.

Pumayag ito sa ganoong klase ng relasyon ngunit nang tumagal ay naging mapaghanap. She became too demanding and he felt suffocated.

The woman cursed under her breath. “Dahil nagsawa ka na, gan’un ba?”

“What we had was fun, but it’s done with, okay? You have a life. Move on.”

“Hindi mo ’ko puwedeng ibasura na lang nang ganito, Mike,” banta nito. “Bakit, ha? May nakita ka na bang bago?”

“Walang patutunguhan ang pag-uusap na ito. I am tired and I need rest,” aniya, lumayo rito.

“Walanghiya ka talaga!” Napangiwi siya sa

malakas na sampal na dumapo sa kanyang pisngi. “Wala kang kuwenta! You don’t deserve to be loved!” sigaw nito.

“I’m sorry, Trisha, but we’re finished. I’m not the man for you,” matapat niyang sabi.

“Ano ba ang tingin mo sa aming mga babae? I thought you’ll learn to love me,” umiiyak na nitong saad.

“I really can’t offer you anything,” may pagtitimping pahayag niya. His headache was getting worse.

Naaawa siya rito, pero hindi niya maaaring pilitin ang sarili na matali sa isang tao na di niya kayang tagalan. He was not ready for a lasting relationship. He didn’t know if he would ever be. Hindi niya alam kung hanggang kailan siya magiging ganito. Ang mga magulang niya ay masama ang loob dahil hindi pa niya nabibigyan ang mga ito ng apo sa dinamidami ng naging girlfriends niya. Or maybe he was just wise. Ayaw niyang makulong sa pagsasama kung saan napipilitan lamang siya dahil mayroon siyang pananagutan.

Sinalag niya ang mga paghampas ni Trisha. Isinangga niya ang kanyang mga bisig at ginawa ang

lahat para di ito gaanong masaktan.

“You bastard! Makakaganti rin ako sa ’yo,” saad nito, pagdaka’y tumalikod na at nagmamadaling umalis.

Pasalampak siyang napaupo sa sofa. Lalong sumama ang kanyang pakiramdam.

He had no intention of hurting her. Truth was, he tried his level best to love Trisha all the time they were together, nagbabaka-sakaling mag-work ang kanilang pagsasama. But Mike soon realized na hindi niya iyon kayang gawin. Kahit sa mga nagdaang relasyon, umaabot lagi sa punto kung saan pakiramdam niya ay nasasakal siya.

I guess there’s something wrong with me, naisip niya, napapailing sa sarili.

Sa huli, either siya o ang babae ang sumusuko. Madalas ay siya. He hated it kapag pinangungunahan ng kapareha. Kapag ganoon, he would soon lose interest. He might be easily attracted to girls and them to him, pero madali rin siyang mawalan ng amor sa mga ito, lalo na at nag-umpisa nang ipilit ang mga bagay na hindi naman niya ipinangako.

Lalo lang siyang nahilo sa mga naisip.

Busy si Cristina sa pag-a-assist kay Gina para sa paghahanda sa kasal nito. Bukod doon, magkasama rin sila sa gym tuwing hapon pagkakagaling ng pinsan sa trabaho. Naumpisahan na nilang ipagawa ang mga invitations at souvenirs. Siya mismo ang humarap sa nag-aayos ng venue ng kasal at reception, pati sa official photographer ng kasal. Ipinagkatiwala iyon sa kanya ng pinsan, approve umano rito ang kanyang taste.

At dahil active nga siya sa church, sanay na siya sa ganitong gampanin. Malimit siyang kinukuha na wedding coordinator, pero malalapit na kaibigan at kamag-anak lang ang napagbibigyan niya dahil sobrang abala siya sa school.

She enjoyed being a director—a planner. Sa school ay siya rin ang inaasahan kapag may mga activities. Paglipas ng mga araw ay naging kapansin-pansin ang pagpayat niya. Wala kahit trace ng bilbil sa kanyang tiyan. Gumaan din ang pakiramdam niya dahil sa regular na pag-e-exercise. Kapag hindi sila nakakapunta sa gym ay sa bahay na lamang sila nag-e-exercise.

Noong una ay nanakit ang kanyang kalamnan, pero nang lumaon ay parang hinahanap-hanap na

ng kanyang muscles ang regular na work-out. Malaki rin ang nagawa ng pagpapa-spa nila. Pagkatapos ng makeover na suggestion ni Gina, Cristina felt really good about herself. She felt young again. Gina actually remarked that they looked about the same age.

Halos dalawang linggo na rin siya sa Olongapo. Plantsado na lahat ng dapat ayusin para sa kasal. Wala na siyang masyadong pagkakaabalahan mula ngayong araw na ito. Baka mag-umpisa na siyang mainip. Makita kaya niya si Mr. Right sa lugar na ito? Narito kaya si 'God's will'?

Goodness, what's happening to me? Ganito na ba talaga ako kadesperada? No...

Sumisigaw sa pagtutol ang isang bahagi ng isip niya.

I'm here to enjoy and relax. At 'yon ang gagawin ko.

Was she just trying to fool herself?

Nasa loob siya ng silid at nakaupo sa harap ng salamin. It was early morning still. Napalingon siya nang bumukas ang pinto ng kuwartong kanyang ginagamit. Sumungaw ang nakangiting mukha ni Gina. Pumasok na ito.

“Ang aga mo ’ata ngayon, ah?” aniya. Alam niyang pumasok ito kanina sa trabaho.

“Hindi masyadong busy ngayon. Pero next week, for sure, marami akong trabaho,” anito. “Sumaglit lang ako d’un, ’tapos umuwi rin kaagad.”

“May aasikasuhin kang iba?” tanong niya.

Lumapit ito sa kanyang likuran. Ngayon ay pareho na silang nakaharap sa salamin. Kinausap siya nito sa salamin.

“Naisip ko lang, magpa-salon kaya tayo ngayon? Punta tayo ng *SM Pampanga*. Shopping tayo para makabawi naman ako sa lahat ng ginawa mo para sa akin,” nakangiti nitong anyaya.

“Sus,” natatawa niyang saad, “wala ’yon. Regalo ko na sa ’yo para sa kasal mo. Kaya ’wag ka nang mag-expect na bibilhan pa kita ng regalo diyan.”

Napatawa ito. “Isa pa, mamayang gabi, may overnight party ang mga kaibigan ni Martin sa isang resort sa Subic. Birthday ng isa niyang kaibigan. We’ll stay at a hotel there until tomorrow morning.”

Natuwa siya. Sa wakas, hindi niya maiisip ang inip.

“That’s great!” She was excited. “Kasama ba

nating aalis ngayon si Martin para mag-SM?”

“Nope. We’ll meet him later this afternoon. Sabay-sabay na tayong aalis papuntang Subic. Beach ’yong pupuntahan natin kaya I think it calls for new swimsuits. Ano sa palagay mo?”

Sunud-sunod ang tango niya.

Cristina felt wonderful after having her hair treated, trimmed, and styled. She really looked years younger. At lalong lumutang ang kanyang ganda. Pakiramdam niya, sulit lang ang ibinayad niya.

Namili siya ng ilang shortpants, t-shirts, isang one-piece at two-piece na bathing suits at ilang formal wears. Hapon na nang sunduin sila ni Martin para mag-Subic. Wala pang thirty minutes ay nasa *Whiterock Waterpark and Beach Hotel* na sila kung saan gaganapin ang pagdiriwang.

The place was beautiful and breathtaking, lalo na at papalubog na ang araw nang dumating sila roon. Namasyal sila sa paligid pagkatapos nilang ilagay ang kanilang mga gamit sa loob ng isang malaking suite.

Hindi niya maiwasan ang mainggit lalo na at magkayakap sina Martin at Gina habang tinatanaw ang sunset, seemingly exchanging sweet nothings. She could see that these sweethearts were happy and

very much in love with each other.

The soft summer breeze was gently embracing her. She looked up toward the sky, then shifted her gaze to the horizon. Ang araw ay unti-unting lumulubog. Hindi niya kaagad namalayan na wala na roon ang magkasintahan na kanina ay malapit lang sa kanya. Nang maramdamang tila may nagmamasid sa kanya ay iniikot niya ang paningin. Mayamaya ay napansin niya sa di-kalayuan sina Gina at Martin, kumakaway sa kanya. Malapit ang mga ito sa isang cottage at may kasamang dalawang babae at apat na lalaki.

Lumapit siya sa kinaroroonan ng pinsan at ipinakilala naman siya ni Martin sa mga kaibigan nito.

“These are Chad and Merly,” umpisa ng binata. Batay sa sweetness ng mga binanggit ay naisip niyang magkasintahan ang dalawa. “This is Karl, she’s Tina,” patuloy ni Martin, “at ang dalawang bugok na sina Fred and Gardo.”

Tawanan. Ito umano ang barkada ni Martin na walang kapareha. Parehong appealing ang dalawa, but they looked younger than her.

Fred was not afraid to show his attraction to Cristina, pero tingin niya ay mas bata pa ito kay

Martin. They say that age doesn't matter.

But it does to me...

“Nasaan na ba ang birthday boy na si Danny?”
ani Chad.

“As usual, dumaan pa 'yon kung saan-saan,”
komento ni Gardo.

“Eh, di dumerecho na tayo d'un sa *Plaza Grill*,”
saad ni Fred. “Is this your first time here in Subic?”
tanong nito sa kanya.

She was charmed, really. And flattered at the
thought of someone younger than her liking her. Too
bad Fred was not her type. Parang binakuran na siya
nito.

“In Subic, yes. Nakapunta na ako sa Olongapo
nang ilang beses, but not here.”

“How long will you be staying in Gapo?”

“No definite time frame. Most probably one
month. I'm actually here for my cousin's wedding.”

“That's great. Sana magtagal ka pa dito,”
nakangiti nitong sabi. “Here we are.”

Nasa harapan na sila ng *Plaza Grill*. Isa iyong
bar na may live entertainment. Pumuwesto sila sa

Desperate For Love - Cher Reyes

isang malaking table na naka-reserve na para talaga sa kanila. Mayamaya pa ay nagdatingan na halos ang mga bisita kasama si Danny. Kasing-edad lang ito ni Martin. He had a kind face. Medyo chubby ito at maputi.

Cristina didn't know if her mind was playing tricks on her o tingin lang niya ay halos may kapareha ang lahat. She felt dismayed. Mukhang hopeless yata ang search niya. Wala siyang makitang prospect.

Prospect? What's wrong with you? Desperada ka na ba talaga at naghahanap ka na ng lalaki? Ba't hindi ka na lang maghintay sa tamang lalaki na ibibigay sa 'yo ni Lord?

Nagpoprotesta ang kanyang loob. Oh, she was going out of her mind!